


Music

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Ang Tekstura ng Musika



**Music – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Ang Tekstura ng Musika
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Eddie B. Gucela

Editors: Deowel F. Abapo, Lea Marie B. Abapo, Mariel A. Alla, Eden Lynne V. Lopez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Corazon V. Abapo

Tagaguhit: Marie Joy M. Lastra, Lea Marie Basalo-Abapo

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Ma. Jayvee A. Garapan

Tagapamahala: Ma. Gemma M. Ledesma

Bebiano I. Sentillas
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei A. Masias
Josemilo P. Ruiz
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Music

**Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
Ang Tekstura ng Musika**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isa sa mga elemento ng musika ang tekstura. Maaaring mailarawan ang tekstura ng isang awitin o komposisyon na nagsasaad sa kapal o nipis ng tunog.

Sa modyul na ito ay iyong mailalarawan ang tekstura ng piyesa ng musika (**MU5TX-IVe-1**).



Subukin

Panuto: Tukuyin kung ang bawat pahayag ay tama o mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang tekstura ay elemento ng musika na tumutuon sa kapal o nipis ng tunog.
- _____ 2. Manipis ang tekstura ng musika na may tatlong instrumenting naririnig.
- _____ 3. Ang isahang pag-awit nakabubuo ng teksturang *polyphonic*.
- _____ 4. Lahat ng awitin ay maaring pagtambalin bilang round song.
- _____ 5. Ang mga inaawit ng mga koro ay laging may teksturang *polyphony*.
- _____ 6. Ang mga *round songs* ay nakabubuo ng teksturang *monophonic*.
- _____ 7. Ang mga *round songs* ay binubuo ng dalawang melodiya na mula sa dalawang magkaibang awitin.
- _____ 8. Ang *partner songs* ay binubuo ng isang awitin na may dalawa, tatlo, o higit pang bahagi na inaawit ng dalawa o tatlo pang linya ng musika.
- _____ 9. Maaaring gawing *partner song* ang mga awiting may parehas na batayang kumpas at batayang tunugan.
- _____ 10. Mahalaga ang pagsunod sa tamang ritmo at tono sa pag-awit ng isang *round song*.

Aralin

3

Ang Tekstura ng Musika

Sa musika ang tekstura ay elemento ng musika na nagsasaad kung gaano kakapal o kanipis ang naririnig na tunog sa isang awitin o komposisyon. Manipis ang tekstura ng musika kung ito ay binubuo ng isang tunog mula sa iisang boses o instrumento. Kapag ang musikang naririnig ay binubuo ng dalawa o higit pang mga tinig o tunog, ang tekstura nito ay makapal.



Balikan

Panuto: Isaayos ang mga pinaghalo-halong letra para mabuo ang apat na elemento ng musika, Isulat ang sagot sa patlang.

1. Y N O M R A A - _____
2. A R U T K S E T - _____
3. O P M E T - _____
4. M I K S A D Y N A - _____



Tuklasin

Panuto: Hanapin sa kahon ang iba't ibang tekstura ng musika. Bilugan ang inyong sagot.

M	O	N	O	P	H	O	N	I	C
R	A	P	A	D	A	J	O	A	N
H	O	M	O	P	H	O	N	I	C
N	I	L	E	E	R	A	A	P	A
O	E	H	A	R	M	O	N	Y	A
P	O	L	Y	P	H	O	N	I	C
D	Y	N	A	M	I	C	S	T	O



Suriin

Ang mga Uri ng Tekstura ng Musika

1. Teksturang *Monophonic*

Ang salitang *monophonic* ay hango sa salitang *mono* na nangangahulugang isang tunog. Ang ganitong uri ng tekstura ay napapansin sa mga komposiyon-na may iisang himig at walang kasabay na iba pang himig. Isang halimbawa nito ay ang awiting “Bahay Kubo” na inaaawit na walang kasabay na iba pang himig o instrumento.

Halimbawa: Bahay Kubo na walang saliw na ibang instrumento.

BAHAY KUBO

Ba - hay ku - bo ka - hit mun - ti ang ha - la-man do - on ay sa - ri - sa - ri: sing-ka - mas at ta -
- long; si-ga - ril - yas at ma - ni; si - taw, ba - taw, pa - ta - ni; kun - dol, pa-to - la, u -
- po't ka-la-ba - sa; at tsa - ka may-ro'n pang la-ba - nos, mus-ta - sa; si - bu - yas, ka-ma - tis, ba - wang at lu -
- ya; sa pa - li - gid - li - gid ay pu - no ng li - nga

(Abapo n.d.)

2. Teksturang *Homophonic*

Ang teksturang *homophonic* ay tumutukoy sa isang musika na ang isang tunog ay mula sa isang tinig at ang isa naman ay musa sa sumasalihw ng instrumento. Kadalasang ginagamit ang *piano* at gitara bilang pansaliw.

Halimbawa: Bahay Kubo na sinasaliwan ng isang instrumento.

BAHAY KUBO

Ba - hay ku - bo ka - hit mun - ti ang ha - la - man do - on ay sa - ri - sa - ri: sing - ka - mas at ta - long; si - ga - ril - yas at ma - ni; si - taw, ba - taw, pa - ta - ni;

3. Teksturang *Polyphonic*

Ang teksturang *polyphonic* ay mula sa salitang *poly* na ang ibig sabihin ay marami. May mga awitin o tugtugin na binubuo ng sa dalawa pang melodiya o instrumento na magkakasabay. Ang teksturang *polyphonic* ay maaaring maisagawa sa iba't ibang awitin o tugtugin sa pamamagitan ng pagsaliw ng iba't ibang tinig o intrumento na lapat sa parehong ritmo at tono.


Halimbawa: Bahay Kubo

Ba - hay ku - bo ka - hit mun - ti ang ha - la - man do - on ay sa - ri - sa - ri: sing - ka - mas at ta - long; si - ga - ril - yas at ma - ni; si - taw, ba - taw, pa - ta - ni;

Instrumento 1 (Halimbawa: Dalawang Bolpen)

Instrumento 2 (Halimbawa: Kutsara't Tinidor)

(Villamor n.d.)



Pagyamanin

Panuto: Tukuyin ang tekstura ng bawat awitin.

1. _____

PAKITONG-KITONG

Tong tong tong tong pa-ki-tong ki-tong a-li-ma-ngo sa da-gat. Ma-la

Intrumento 1 (Halimbawa: Dalawang Patpat)

Intrumento 1 (Halimbawa: Kutsara at Tinidor)

2. _____

MAGTANIM AY 'DI BIRO

Akorde *D* *A*

Mag-ta-nim ay 'di bi-ro. Mag-ha-pong na-ka-yu-ko. 'Di man

3. _____

LERON LERON SINTA

Akorde *C* *F*

Le-ron le-ron sin-ta bu-ko ng pa-pa-ya.

Intrumento (Halimbawa: Kutsara at Tinidor)

(Villamor n.d.)

4. _____

AKO AY MAY LOBO

A musical score for the song 'AKO AY MAY LOBO'. It consists of two staves of music in 3/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one sharp (F#). The lyrics are: A-ko ay may lo - bo Lu-mi - pad sa la - ngit Di ko na na - ki - ta. Pu - mu - tok na pa - la. Sa - yang ang pe - ra ko pam - bi - li ng lo - bo. Kung pag - ka - in sa - na na - bu - sog pa a - ko.

5. _____

SITSIRITSIT ALIBANGBANG

A musical score for the song 'SITSIRITSIT ALIBANGBANG'. It consists of three staves of music in 2/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one sharp (F#). The lyrics are: Sit-si-rit - rit a - li - bang - bang Sa-la-gin - to sa - la - gu - bang. Ang ba-ba ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching ching. The second staff is labeled 'Boses' and the third staff is labeled 'Instrumento (Halimbawa: Dalawang Patpat)'. The instrument part shows a rhythmic pattern of two patpat sounds per measure.

(Lastra n.d.)



Isaisip

Panuto: Buuin ang pangungusap.

A. Ang tekstura ng musika ay

1. _____

B. Ang mga uri ng tekstura ng musika ay

1. _____
2. _____
3. _____



Isagawa

Panuto: Isulat kung ano ang tekstura ng musika na kadalasang maririnig sa mga sumusunod na pangyayari.

1. Pag-awit na may saliw na gitara - _____
2. Pag-awit ng walang kasabay - _____
3. Dalawang instrumentong tumutugtog - _____
4. Pag-awit na may kasabay na iba't ibang instrumento - _____
5. Sabayang pag-awit ng Lupang Hinirang - _____



Tayahin

Panuto: Isalarawan ang mga uri ng tekstura ng musika sa pamamagitan ng pagguhit sa loob ng kahon.



Teksturang Monophonic



Teksturang Homophonic



Teksturang Polyphonic



Karagdagang Gawain

Panuto: Ilarawan kung anong tekstura ng musika ang isinasaad sa bawat pangungusap. Pumili ng tamang sagot sa loob ng kahon.

Teksturang <i>Monophonic</i>	Tekstura	Teksturang <i>Polyphonic</i>
Teksturang <i>Homophonic</i>		

- _____ 1. Ito ay elemento ng musika na nagsasaad kung gaano kakapal o kanipis ang naririnig na tunog sa isang komposisyon.
- _____ 2. Ito ay isang uri ng tekstura ng musika kung saan maaaring makatukoy ng dalawang tunog na nagmumula sa boses at instrumentong nagsasalit ng musika.
- _____ 3. Ito ay isang uri ng tekstura ng musika kung saan maaaring makatukoy ng higit pa sa dalawang tunog.
- _____ 4. Ito ay isang uri ng tekstura ng musika kung saan maaaring makatukoy ng iisang tunog at may iisang linya ng musika na pangboses o pang-instrumento.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Mali
5. Mali
6. Mali
7. Tama
8. Mali
9. Tama
10. Tama

BALIKAN

D	Y	N	A	M	I	C	S	T	O
P	O	L	Y	P	H	O	N	I	C
O	F	H	A	R	M	O	N	Y	A
N	I	L	E	R	A	P	A		
H	O	M	O	P	H	O	N	I	C
R	A	P	A	D	A	J	O	A	N
M	O	N	O	P	H	O	N	I	C

TUKLASIN

1. ARMONYA
2. TEKSTURA
3. TEMPO
4. DAYNAMIKS

PAGYAMANIN

1. Homophonic
2. Homophonic
3. Homophonic
4. Monophonic
5. Polyphonic

ISAISIP

1. nagsasaad kung gaano kakapal o kantipis ang naritnig na tunog sa isang awitin o komposisyon.
2. Ang mga uri ng tekstura ng musika ay
3. Monophonic
4. Homophonic
5. Polyphonic

ISAGAWA

1. Homophonic
2. Monophonic
3. Homophonic
4. Polyphonic
5. Homophonic

TAYAHIN

KARAGDAGANG GAWAIN

1. Tekstura
2. Teksturang Homophonic
3. Teksturang Polyphonic
4. Teksturang Monophonic

Sanggunian

Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. *Halinang Umawit at Gumuhit 5* Textbook. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. Pahina 78-82

Gernalyn A. Solano, *MAPEH Adventures in the 21st Century*, Rex Bookstore. 2019. Pahina 67-72

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph